

PROLOGUE

Malalim na buntong-hininga ang pinakakawalan ni Maureen habang nakaupo sa gilid ng pool. Sino ang mag-aakala na sa kanyang pag-uwi ng Pilipinas matapos ang dalawang taong pamamalagi sa ibang bansa ay hahantong siya sa pribadong resort na iyon sa tagong bahagi ng Bulacan?

Excited siya nang lumapag ang eroplanong sinasakyan niya sa *Ninoy Aquino International Airport*. Actually, plano pa lang niyang umuwi ng Pilipinas ay marami na siyang naiisip na gawin kasama ang mga kaibigang hindi nakita nang mahaba-haba ring panahon. At sa pagkakaalam niya ay may sarili ring plano ang mga ito ng pagsalubong sa kanya. Iyon nga lang ay nadiskubre niyang kasama sa mga pagpaplanong iyon si Hannah Ongpauco. Dahil doon ay nabuhay sa dibdib niya ang isang pakiramdam na akala niya ay napalis na ng nagdaang dalawang taon.

As far as she was concerned, hindi niya ikino-consider si Hannah bilang matalik na kaibigan. Kaya nga nagtataka siya na kasama ito sa naghahanda ng magarbong pagsalubong sa kanya. Gaya ng best friend niyang si Cheska, excited din ba itong makita

siya pagkatapos ng lahat?

Ipinikit ni Maureen ang kanyang mga mata kasabay ng pag-iling. Ilang linggo pa lang siya noon sa South Korea nang mai-chat sa kanya ng kaibigan na nag-break si Hannah at ang long-time boyfriend nitong si Rafael Iñigo. Umamin daw ang huli ng pangangaliwa. Nang pasimple niyang usisain kung sino ang third party, hindi umano masabi ng lalaki at iyon ang naging dahilan kaya hindi ito napatawad ni Hannah.

Fifty percent ang nadagdag sa guilt na dati na niyang nararamdaman nang malaman niya ang nangyari. Na-justify tuloy ang biglaan niyang desisyon na tanggapin ang job offer sa South Korea na dapat sana ay pag-iisipan pa lang niya. At ang ugat ng guilt na iyon, ang katotohanan na alam niya kung sino ang kaulayaw ni Rafael sa inaming pagtataksil.

Tapos na 'yon, matagal na. Nakalimutan mo na 'yon, hindi ba, Maureen? aniya sa sarili. Ilan pang malalalim na buntong-hininga ang pinakawalan niya, ilan pang pag-iling, bago unti-unting pumasok sa kanyang isip ang tanong kung ano ang ginagawa niya sa lugar na iyon.

Nag-avail siya ng promo ng *Sweet Haven Lodge and Resort* na three days private retreat package at

bayad na iyon. Pero puwede naman siyang mag-check out anumang oras at palagay niya ay iyon ang dapat niyang gawin. Pinagtaguan na niya si Hannah at ang katotohanan sa loob ng dalawang taon. Hanggang ngayon ba naman ay magtatago pa rin siya?

Tumayo si Maureen para balikan ang ilang gamit niyang nasa mesa sa lounging set sa gilid ng pool. Nagulat siya nang di-sinasadyang may muntik na siyang makabanggaan na isang estranghero nang pumihit siya papunta roon. Halatang nabigla rin ang lalaki at nag-alala sa puwedeng maging epekto sa kanya ng muntik nang collision nila, kaya napakapit ito sa magkabilang braso niya.

“Oops! Sorry,” anito.

Inuna ni Maureen na protektahan ang sarili sa pagtukod ng braso niya sa dibdib ng lalaki bago niya binistahan ang mukha nito. Mata ang una niyang napansin, pangalawa ay ang ilong at kasunod ay mga labi na hindi niya alam kung bakit hindi niya naiwasang titigan nang may ilang segundo rin.

Pamilyar ang mga features na iyon sa kanya. Hindi dahil common ang matatangos na ilong, maninipis na labi at magagandang mata sa cosmetics company na pinagtrabahuhan niya sa South Korea, kundi dahil para bang minsan na siyang napalapit sa isang taong

may eksaktong ganoon ding mga katangian.

“Did I hurt you?” tanong nito.

Umiling siya. Nagsimula siyang makaramdam ng panlalamig. Mas malinaw na niya ngayong nabibistahan ang mukha ng lalaki at nagsi-sink in na sa isip niya na hindi siya nagkakamali.

Impossible! lihim na bulalas niya habang nakatitig sa mga mata nito. Hindi siya makapaniwala.

“Wait... ah, do I know you?” tanong nito muli. “Napansin kita sa gilid ng pool and... you look familiar.”

Natauhan si Maureen sa huling sinabi ng lalaki. Mga twenty-five seconds din siguro silang nagkalapit bago niya naisip na kailangan niyang kumawala sa pagkakahawak nito. The last time na naaalala niya, isang di-inaasahang pangyayari ang sumunod nang hayaan niya ang sarili na mapalapit nang ganoon dito.

Kung mamalasin ka nga naman, oo, naisip niya. Napadpad siya sa resort na iyon para umiwas sa nakaraan, pero mukhang ang nakaraan ay nandoon din at hindi niya alam kung sino ang nauna sa kanila roon.

“Actually, that’s the reason kaya kita nilapitan. Have we met before?” patuloy nito.

Napasapo nang bahagya sa dibdib niya si Maureen. Bakit ito nagtatanong ng ganoon? Hindi ba siya nito natatandaan? Seriously?

Dalawang taon lang ang nagdaan. Ganoon ba kadalang kalimutan para rito ang dalawampu’t limang minutong tagpo na bumago sa buhay niya? Iyong dalawampu’t limang minutong halos gabi-gabing dumadalaw sa mga panaginip niya? Paano nito iyong hindi naaalala gayung sa kanya ay napakalinaw pa ng lahat?

1

Two years ago...

“What do you mean hindi ka makakarating? You can’t do this to me, I’m already here.” Halos mamuti ang dulo ng mga daliri ni Maureen sa higpit ng pagkakadiin sa hawak na cellphone.

“Sorry talaga, friend,” paumanhin ng kaibigan niyang si Cheska na nasa kabilang linya. “Lukaret kasi ’yung ninang ko. Just because gusto niyang i-surprise ako ay hindi niya sinabi na ngayon pala ang dating niya galing sa States. ’Tapos ngayon nagpapasundo siya sa airport dahil wala daw siyang tiwala sa mga airport taxi. Pasensya na talaga, alam kong pinagplanuhan natin ’tong girls’ night out natin, pero hindi puwedeng hindi ko puntahan si Ninang. Magtatampo siya, eh,” mahabang paliwanag nito.

Halos mamura ni Maureen ang kaibigan. She could have told her earlier na may iba pala itong lakad. Hindi na sana niya kinumpirma ang reservation nila sa bar na iyon.

“Mag-enjoy na lang kayo ni Gladys kahit wala

ako. Bawi na lang ako next time, promise,” dugtong pa ni Cheska.

Napalitan ng medyo mabilis at mas maingay ang kanina ay mellow music na nagbibigay buhay sa loob ng bar, kaya sa halip na makipagdiskusyon ay pinatayan na lang niya ng cellphone ang kausap gawa na rin ng pagkasuya niya sa pang-iindyan nito sa kanya. Hindi na niya sinabi na nauna nang nag-cancel ng pagdalo sa lakad nilang iyon ang isa pang kaibigan nila na tinukoy nito.

Inis na dinampot ni Maureen ang wine glass na nasa mesang okupado niya at sinaid ang laman niyon bago siya tumayo. Nagsisimula pa lang ang gabi ay nai-stress na siya sa ginawa ng kanyang mga kaibigan. Matagal na nilang pinagpaplanuhan ang paglabas na iyon, kaya hindi niya inaasahan na ganito ang mangyayari.

She decided to go to the rest room to calm herself down. Habang papunta roon ay muntik na niyang makabangga ang isang babaeng may kausap sa cellphone na bigla na lang pumihit paharap sa kanya.

“Oh, I’m sorry,” halos magkapanabay nilang sabi. Sabay rin silang bahagyang nagtaas ng mga kilay nang magkakilanlan.

“Maureen?” anito.

“Hannah!” aniya kasabay ng pagtataas ng noo. Hindi man sumipot ang mga ka-*date* niya ay hindi rin naman pala siya nag-iisa roon nang gabing iyon. May isa pa siyang kaibigan na nandoon din. Iyon nga lang, iyon pang *kaibigan* na sinadya niyang hindi isama sa dapat sana ay bonding nila.

She had known Hannah Ongpauco since college gaya rin nina Cheska at Gladys. Popular ito noon, considered as the campus queen, muse ng varsity basketball team at object ng fantasy ng maraming kalalakihan. Bukod kasi sa talagang maganda ay well-known na anak ito ng isang Filipino-Chinese businessman. Mayaman, kumbaga. Kaya nga nagtataka siya kung bakit pinipili nito noon na sa kanila makigrupo imbis na sa mga kagaya nitong high profile.

Siguro ay dahil matatalino sila. Hindi masasabing super intelligent, but they were on top of their class. Compared to Hannah na kung tutuusin ay all beauty lang, they had brains, wika nga. Pero sa kanilang tatlo, si Maureen ang fifty-fifty ang pagtanggap sa pakikipagkaibigan ni Hannah.

“You’re here,” anito na nakangiti na.

“Yeah. Ikaw rin,” sagot niya.

“Who’s with you?”

“Ah...” Luminga siya saglit. “Wala. Naisipan ko lang lumabas... mag-isa,” alibi niya. Nakakainis namang aminin hindi siya sinipot ng dalawang katropa.

“Talaga? Why don’t you join us?” Gumawi ang tingin nito sa isang grupong nagkakatuwaan sa VIP lounge.

“No, thanks. Nakakahiya naman,” tanggi niya matapos sulyapan din ang mga iyon.

“Okay lang, ilang kaibigan lamang naman ni Rafa ’yung kasama namin. You know Rafa already, right?”

Tumango si Maureen. Although matagal-tagal na at isang beses pa lang nangyayari ay nakaharap na at naipakilala na ni Hannah sa kanila ang boyfriend nitong si Rafael Iñigo na obviously ay anak-mayaman din. “Thanks, pero... actually, okay naman ako kahit mag-isa. Besides, hindi rin ako masyadong magtatagal.”

“Ganoon ba? Sayang. Akala ko pa naman hulog ka na ng langit sa akin.” Bahagya itong dumikit sa kanya at mahina na ang boses nang muling magsalita.

“Actually kasi, may hihingin sana akong favor sa iyo, since nandito ka rin lang.”

“Anong... favor?” Out of curiosity lang ang tanong niyang iyon.

Tumingin saglit ang kausap sa hawak nitong cellphone. “May kailangan kasi akong puntahan sandali. Patitingnan ko muna sana sa iyo si Rafa habang wala ako.”

“Hah? May mga kasama naman siya, ah.”

“Yeah, pero... sana...’yung may makakausap siya na hindi niya mapapansin na wala ako.”

Mas umangat pa ang pagkakatikwas ng kilay ni Maureen. Ano ba ang gusto nitong mangyari? I-entertain niya ang boyfriend nito habang wala ito?

“I’m sorry pero sa tingin ko, hindi ako puwedeng makigrupo sa mga... hindi ko naman talaga kakilala,” tapatang tanggi niya.

Tumunog ang hawak na cellphone ni Hannah at tila tarantang pumindot-pindot ito roon. Iwan na sana niya ito habang binabasa nito ang message na pumasok doon, pero inabot nito ang braso niya.

“Okay lang kung ayaw mong makigrupo sa kanila. Ang gusto ko lang sana, tingnan-tingnan mo si

Rafa. Kapag napansin mong hinahanap na niya ako, saka ka lang lumapit at sabihin mo sa kanya na... sumama lang ang pakiramdam ko kaya lumabas ako sandali. Pero babalik din ako. May kailangan lang kasi talaga akong puntahan na importante.”

“Bakit hindi ka na lang magpaalam?”

“Actually, nagpaalam naman ako. Pero baka kasi hanapin niya ako. Besides, ayaw kong isipin ng mga kasama niya na iniwan ko sila.”

“Ganoon? Eh, bakit—”

“Basta sabihin mo lang na babalik din ako,” giit nito, sumulyap muli sa cellphone. “Please, Mau, ha. May reward ka sa akin pagbalik ko. Thank you, friend.” Nagmadali itong tumalikod at sumingit sa karamihan ng mga tao.

Nagbuga ng disgusted na pagtawa si Maureen habang sinusundan ng tingin ang papalayong babae. Para sa kanya ay hindi ito mukhang humihingi ng pabor kundi nag-uutos.

Sino ba ito sa akala nito para utusan siya?

May kani-kanyang ka-date ang tatlong lalaking kasama ni Rafael na nag-iinuman sa VIP lounge ng

bar. Halatang partner-partner talagang nagpunta ang mga ito roon. Iyon nga lang ay iniwan ng kapareha ang binata nang hindi yata nito nalalaman.

Isa pang kopita ng alak ang kinuha ni Maureen sa bar tender nang bumalik siya mula sa rest room. Wala naman sa plano nila nina Cheska at Gladys ang magpakalasing sa dapat sana ay bonding nila nang gabing iyon, pero dahil minsan-minsan lang silang magplano ng ganoon ay inihanda niya ang sarili na magtitira lang ng kaunting katinuan na pang-uwi sa apartment niya. Ngayon, lahat ng pinlano nila ay hindi mangyayari at talaga namang naiinis siya.

Habang tinutunga ang laman ng wine glass ay narinig niya ang paghahagalpakan ng tawa ng grupo ni Rafael. Hindi niya alam kung gaano katagal nang nandoon ang mga ito, pero mukhang nakakarami na ang mga ito ng naiinom. Medyo maingay na kasi ang mga lalaking kasama nito, madudulas na ang dila at iyong isa nga ay panay na ang akbay at himas sa kasamang babae na kulang na lang ay pupugin iyon ng halik sa harap ng karamihan.

Habang nakatingin sa grupo ay napansin niya ang ilang ulit na paglinga ni Rafael. She presumed na napansin na nito ang matagal-tagal nang pagkawala ni Hannah. Inisip niya kung ano kaya ang idinahilan ng

babae nang iwan nito ang grupo. Napakaimportante ba ng kailangan nitong puntahan? Hindi kaya nito naisip na nasa isang bar sila at nagkalat doon ang magagandang babae? Dalawa na nga iyong nakita niyang dumaan malapit sa kinauupuan ni Rafael at sadyang nagpapansin dito.

Kunsabagay, mula't sapul naman ay confident si Hannah sa sarili. Pihadong hindi man lang nito naiisip na magagawa ng boyfriend nito na ipagpalit ito sa ibang babae.

“Hi!” Isa pang babaeng gumawi sa likuran ni Rafael ang nakita at narinig ni Maureen na bumati rito. At hindi naman iyon ini-snob ng lalaki.

“Oh, hi, there,” nakangiting ganti nito na namumungay na ang mga mata, ebidensya ng kargang alcohol.

Ilang sandaling nag-usap ang dalawa bago mayamaya ay lumipat ang babae sa kabilang mesa malapit sa kinaroroonan niya. Umorder ito ng malakas na shot ng alak at habang tinutungga iyon ay malagkit na nakatitig pa rin kay Rafael.

Malakas yata ang tama ng isang ito, sa loob-loob ni Maureen habang inuubos ang laman ng hawak na wine glass. Without her noticing it, nakakarami na

rin siya.

Hindi naman niya masisisi ang babae kung magkainteres ito kay Rafael Iñigo. Ito kasi ang tipo ng lalaki na habang tinititigan ay tila lalong gumuguwapo. Habang tinatamaan ng alak ay lalong nagiging expressive ang mga mata, at habang pinamumulahan ng mga pisngi ay lalong nagiging parang masarap na mansanas na nakakaengganyong kagatin. Katakam-takam, wika nga. Hindi lang ba niya iyon napansin nang una niya itong nakaharap o napansin niya ngayon dahil sa tama rin ng alak na naiinom niya?

Mayamaya pa ay lumingon ang lalaki at nakipagsalubungan ng paningin sa babae. Kitang-kita ni Maureen na ipinihit ng huli ang katawan pagawi sa direction ni Rafael, isang gesture na animo ay kusang iniaalok ang sarili. At ang resulta niyon, bahagyang nag-curve upward ang corner ng mga labi ng binata.

Nakaramdam siya ng inis. Ang mga lalaki talaga, malingat lang nang bahagya ang karelasyon ay nagmimilagro na.

Higad din naman kasi ang isang ito, aniyang tinapunan ng masamang tingin ang babae. Subukan lang ni Rafael na tumayo at lapitan ito, siguradong papapel siya at malalaman ng babae na taken na ang

lalaking kinakalantari nito. Ipinagbilin kaya sa kanya ni Hannah na tingnan-tingnan niya ang lalaki kaya may 'K' siyang gawin iyon.

“Isa pa, Ma’am?” tanong ng bar tender nang mapansin na wala nang laman ang kanyang wine glass.

“Yes, please,” mabilis niyang sagot. Nag-iinit ang tainga niya sa malagkit na pagtitinginan ni Rafael at ng babae. Hindi naman kagandahan ang huli. Mapanga, payat ang katawan at halatang mabuto. Kung tutuusin ay di-hamak na maganda siya. Hugis-puso ang mukha niya, sabi nga ng iba. At paniguradong mas kaakit-akit naman ang katawan niyang may bahagyang laman. Mas masisiyahan si Rafael na yakapin siya kaysa sa patpating babaeng iyon.

Tinungga niya nang mabilisan ang alak na ibinigay ng bartender nang makita niyang tumayo ang lalaki. Pihadong lalapitan na nito ang babae at hindi niya iyon hahayaang mangyari.

Pero may isa pang lalaki na naunang nakalapit. “Sinasabi ko na nga bang nandito ka.”

Pati si Maureen ay natigilan nang marinig ang galit na boses ng bruskong lalaki. Agad nitong

tinanganan ang braso ng babae.

Halatang nabigla ang huli. “What are you doing here?”

“I’m here to pick you up. Let’s go.”

“No! Leave me alone, okay?”

“Gusto mo bang magkagulo tayo rito?” banta ng lalaki.

Nag-alala si Maureen nang maisip na baka magmatigas ang babae at dahil sa kung anumang nagising nito sa emosyon ni Rafael ay makialam ang binata at mapasubo sa gulo. Mabuti na lang at tila hindi rin naman gusto ng babae na may kung anong engkuwentrong mangyari roon dahil kusa itong sumama sa lalaking bumitbit dito palabas.

Nagkibit-balikat si Rafael. Na-sense ni Maureen ang bahid ng disappointment sa mukha nito na siguro ay dahil sa pagkakaunsiyami na maka-score sa babae. Napaingos tuloy siya. Likas talagang marupok ang mga lalaki, walang tibay na maaasahan pagdating sa katapatan.

Mayamaya pa ay tumayo ang isa sa mga kasama ng binata saka nagpaalam. “Paano, Bro? Kailangan na naming... mapag-isa nitong baby ko.”

“Okay. It’s kinda late, anyway,” sagot nito matapos sumulyap sa wristwatch.

“Hindi na yata bumalik si Hannah.”

“I don’t know. She said she’ll just go to the rest room. Ewan ko ba kung bakit ang tagal niya. Kaninang-kanina pa siya wala.”

“Are you going to wait for her to come back? Kasi kami, we really have to go,” sabi ng isa pa nitong kainuman.

“I think I have to. Baka may kinausap lang siya sa phone kung saan diyan and... hindi ko siya puwedeng iwan dito. Besides, she has to drive me home. Hindi siya lasing at... medyo masama na ang tama ko.”

Nagkatawanan pa ang mga ito bago tuluyang nagpaalaman. Nang maiwang mag-isa ay muling naupo si Rafael, dinampot ang baso ng alak na iniinuman saka naglabas ng cellphone,

Sa kinauupuan ay pinagmasdan ito ni Maureen. Ngayon na nagsosolo na ang lalaki ay saka lang niya nakuhang pansinin ang kabuuan nito. When Hannah introduced him to them, nakita naman nila na talagang malakas ang dating nito. But she was not that interested then.

Kakahiwalay lang niya noon with her boyfriend of two years at dahil sa kataksilan niyon kaya masama pa ang tingin niya pati sa ibang lalaki regardless kung gaano man iyon kaguwapo. Now that she had moved on, nag-subside na rin ang inis niya sa mga lalaki. At si Rafael ang unang lalaki na na-appreciate niya ang mala-Adonis na katangian. Sayang nga lang at taken na ito ni Hannah.

Pero parang hindi rin siya loyal kay Hannah, naisip muli niya. Kung hindi lang may dumating na asungot ay baka kulukudidang na nito ngayon ang babaeng katitigan kanina. Sa akin ka kaya makipagtitigan ngayon.

Sigurado si Maureen na hindi narinig ni Rafael ang ibinulong niya, pero biglang bumaling sa gawi niya ang lalaki. Hindi niya napaghandaan ang pagtatama ng kanilang mga mata. Dim ang ilaw sa kinapupuwestuhan niya kaya hindi niya alam kung nabibistahan nito nang maliwanag ang hitsura niya, pero siguro naman ay oo dahil tumagal ang pagkakatitig nito sa kanya. Humagod pa ang mga mata nito mula sa mukha niya pababa sa dibdib niya at pababa pa sa maliit niyang baywang na inihahantad ng hapit niyang black dress.

Hindi siya sobrang daring na babae in terms of

pananamit, pero hindi rin naman conservative. At sa hubog ng katawan na mayroon siya, alam niyang may kakayanan din siyang gisingin ang emosyon ng sinumang lalaki, kahit ng gaya pa ni Rafael.

Napalunok siya paglipas nang ilang saglit nang maisip kung paano kaya kung sa kanya malipat ang naunsiyaming pakiramdam na nabuhay ng babaeng iyon dito kanina? Ano kaya ang mararamdaman niya kung tatayo ito ngayon, lalapit sa kanya to flirt with her?

Gaga! Ano ba'ng pinag-iisip mo? saway niya sa sarili. Mayamaya ay nagbawi ng tingin ang lalaki at may binasang kung ano sa cellphone. Sa disgust sa sarili na naramdaman gawa ng naisip ay dinampot ni Maureen ang wine glass na nasa tabi at inubos ang laman niyon. Huminga siya nang malalim bago binalikan ng tingin ang lalaki. Kaya nga lang ay wala na ito sa kinauupuan. Hindi niya maintindihan kung bakit para siyang na-disappoint nang makita itong naglalakad na papunta sa exit door.

2

Sa level ng tama ng alak kay Rafael ay alam niyang hindi siya dapat mag-drive. But he didn't have a choice. Tuluyan nang hindi bumalik si Hannah matapos magpaalam na may kakausapin lang sa cellphone, na magpupunta lang ito sa rest room. Hindi niya alam kung alin doon ang totoo.

It was not the first time na ginawa iyon ng babae. Minsan na rin siyang iniwan ng girlfriend nang isama niya ito sa isang dinner meeting with a potential business partner. Pakiramdam tuloy niya ay hindi gusto ni Hannah ang mga ganoong group date. O siguro, hindi lang talaga nito gustong makisama sa circle of friends niya.

Isinuksok ng lalaki ang susi sa ignition nang nasa loob na siya ng kotse. Dahil mabuway pati braso ay hindi iyon na-shoot. Nabitawan pa nga niya iyon.

“Damn!” natatawang anas niya habang kinakapa ang susi na nalaglag sa ibaba ng dashboard. He wondered, saan kaya siya dadamputin kung itutuloy ang pagmamaneho nang nakainom? Malamang ay sa ospital. Or worse, sa sementeryo.

Huminga siya nang malalim saka isinubsob ang noo sa steering wheel. Alam niyang kailangan niyang mahimasmagan kahit bahagya lang para makauwi nang ligtas. It was past midnight already. Hindi na ganoon kadami ang tao sa pinanggalingan niyang bar at iilan na lang din ang nakaparadang kotse sa basement parking na iyon.

For the second time ay muli niyang isinuksok ang susi sa ignition. Pero bago iyon napihit ay may narinig siyang mahinang pagkatok sa salaming bintana sa tapat ng kinauupuan niyang driver seat. Kahit lasing at halos magdoble ang paningin ay sigurado siyang silhouette ng isang babae ang naaninag niya roon. Dahan-dahan niyang ibinaba ang salaming bintana at sinipat ang pigura ng babaeng nakatayo sa labas ng kotse.

“Yes?”

“Uhm... naisip ko lang... mukhang marami kang nainom. Kaya mo bang mag-drive?”

Nangiti si Rafael, sandaling ginawian ng tingin ang steering wheel bago muling tumingin sa babae.

“How long have you been watching me back there?”

Nailang si Maureen sa tanong na iyon. Obviously ay na-recognize ng lalaki ang pagtatagpo ng mga mata nila kanina. In short, napansin siya nito at posibleng nakilala.

“Alam mong marami na akong nainom. Ibig sabihin, matagal-tagal mo akong inoobserbahan habang nandoon ako sa loob.”

Hindi siya umimik. Parang gusto niyang pagsisihan ngayon ang pagsunod kay Rafael sa parking area. Bakit kasi nag-alala siyang magmamaneho ito nang kargado ng alak ang katawan?

“You were that girl... sitting at the bar and looking at me intently, right? Naramdaman ko 'yon,” dugtong ng lalaki.

Naglayo siya ng tingin. May kayabangan din palang taglay ang isang ito. Malakas din ang bilib sa sarili. Pero kung sabagay ay tama naman ang kausap. She was looking at him, observing his every move, his every smile, the way he laughed. Sa tagal ng pagtitig niya rito ay baka nga naramdaman na nito iyon.

“Bakit mo tinatanong kung kaya kong mag-drive? Are you planning to drive me home?” patuloy ni Rafael. Nang hindi sumagot si Maureen ay inilabas nito sa bintana ang kamay na may hawak na susi,

indication na willing itong magpahatid pauwi.

Nag-alangan siya. Bakit ba niya ito nilapitan at inusisa kung kaya pa nitong mag-drive? Ihahatid ba talaga niya ito kung sasabihin nitong hindi na nga nito kaya?

Nang hindi niya inabot ang susi ay binuksan ng binata ang pinto ng kotse saka sa mabuway na kilos ay lumabas. Nakatitig ito sa kanya nang muling iabot ang susi. Sa pagkakataon na iyon ay siniguro nitong kukunin niya iyon.

“I’ll show you the way to my condo and let’s see what’s gonna happen next.”

Napakunot-noo siya. Anong ‘what’s gonna happen next’ ang tinutukoy nito?

Hindi siya makapaniwala. Mukhang hindi naman naaalala ni Rafael na minsan na silang nagkaharap at kaibigan siya ng girlfriend nito, yet willing itong magpahatid sa kanya. Ganoon ba ito kadalang magtiwala o ang tingin sa kanya ay gaya ng babaeng nagpakita ng motibo rito kanina? Sa kanya ba nito gustong ibaling ang naunsiyaming pagkagising ng emosyon bilang lalaki?

Ano ka, sinusuwerte? naisip niyang umatras nang bahagya. Hindi siya lasing, may kaunting tama lang

ng alak pero hindi sapat iyon para mawala siya sa sarili. Besides, it's already twenty-five minutes past midnight, ayon sa wristwatch niya. Kung ihahatid niya ito, kahit pa walang malisyang mangyayari, ay siguradong madaling-araw na siyang makakauwi sa sarili niyang apartment.

Plano niyang ibalik ang susi sa lalaki, pero gumawi ito sa likod ng kotse at binuksan ang pinto doon na ibig sabihin ay doon nito gustong maupo. Pero gawa ng kalasingan ay gumiwang ito na animo ay matutumba. Mabilis na umalalay si Maureen para saluhin ang katawan nito. Sumampay sa balikat niya ang matipuno nitong braso at napadikit sa kanya ang katawan. Sa loob ng ilang saglit ay nagmistula itong nakayakap sa kanya at ganoon din siya rito.

Napakagat-labi siya. Malapad ang katawan ni Rafael. Matigas ang mga braso nitong ang isa ay nakahapit sa tagiliran niya habang nararamdaman niya ang palad nito sa kanyang likod. Gusto niyang pangalisagan ng balahibo.

“I’m sorry,” natatawang sabi nito na nag-angat ng mukha mula sa halos pagkakasubsob sa balikat niya. “This is why I am willing to let you drive me home kahit na... hindi kita kilala.”

His breath brushed through her face at gusto

yatang umurong ng mga ugat niya nang malanghap iyon. Hindi rin niya nagawang isawalang-bahala ang pagsipa ng kung anong kaba sa dibdib niya habang nakatanghod ito sa kanya nang namumungay ang mga mata. He's definitely one of the most gorgeous guys she's ever known, although hindi niya iyon na-appreciate nang una.

“Hindi mo ba ako natatandaan?”

“Mag...kakilala ba tayo?” balik nito. “I’m sorry. Maybe I was just... dizzy kaya hindi ko maalala.”

“Or maybe, I was... not that recognizable.”

“I don’t think so.” Muli ay tumitig ang lalaki sa mukha niya. Epekto pa rin ng alak... at kakaunting liwanag na nakakarating sa kinaroroonan nila ay hindi pa rin nito maaninag nang husto ang mukha niya. Pero tila sigurado naman ito sa sumunod na sinabi. “I’m quite sure you’re a beautiful, babe.” Habang sinasabi iyon ay naramdaman ni Maureen ang bahagyang paghigpit ng kamay nito na nakalapat sa likod niya.

Napalunok siya at tila lumambot ang kanyang mga buto sa punong-braso. “Okay, I’ll...drive you home,” nasabi niya.

Inalalayan niya ang binata papasok sa backseat

ng kotse. Pumasok din siya roon para matulungan itong makaupo nang maayos at komportable. Nahirapan pa nga siya dahil maliit lang ang space doon at si Rafael ay malaking tao.

Nakaumbok ang muscles nito sa dibdib at mga balikat at tila ini-enhance iyon ng one hundred percent cotton, international brand warmer na suot nito. Lalaking-lalaki pati ang bulto ng leeg nito na tila inadornohan ng Adam's apple at kinoronahan ng well-chiseled jaw. Lahat ng iyon ay hindi nalingid sa pansin ni Maureen ngayong napakalapit ng mukha niya sa bahaging iyon ng katawan nito.

Napahugot siya ng pigil na paghinga. Hindi niya alam kung bakit dumadagundong nang malakas ang dibdib niya habang pinapagapang ang paningin papunta sa mukha ng lalaki. Hanggang sa magtagpo na naman ang mga mata nila. Doon niya nakitang nakatitig din ito sa kanya.

"I knew it," sabi nito, halos pabulong at muli, humaplos sa kanyang mukha ang mainit nitong hininga na tila tumutunaw sa marrow ng mga buto niya.

"You knew what?"

"That you're beautiful."

Pakiramdam ni Maureen ay magkakalasan na ang mga buto niya hanggang sa kanyang mga daliri. Pero tila naman may lakas na nahihigop mula kung saan ang loob niya para namnamin ang kiliting idinulot sa dibdib niya ng sinabi nito. Hidi niya alam kung nabibistahan na siya ni Rafael nang malinaw o gawa lang iyon ng kalasingan. Sabi nga, lahat ay maganda sa paningin ng isang taong lasing.

Whatever! Siya naman ay hindi lasing kaya malinaw ang paningin at huwisyo niya.

O... malinaw nga ba?

“And... you smells... so good,” usal niya. Without her noticing it, magkatapat na ang kanilang mga mukha at wala pang isang dangkal ang layo ng mga iyon sa isa’t isa.

“You, too,” ganti nito. He moved to close the gap between their faces at alam ni Maureen na kaunting galaw pa ay mag-aabot ang mga bibig nila.

But she didn’t care. And she could not deny the fact na iyon ang inaasam niya. Kaya nang gumalaw pa si Rafael ay gumalaw rin siya. Hanggang sa tuluyang maglapat ang mga labi nila.

Tila sabay-sabay na nag-igtingan ang mga ugat sa katawan ng dalaga. At para bang pinagsisisipa

ng kung anong nagwawala sa loob ang dibdib niya habang nararamdaman niya ang paghagod ng labi ng lalaki sa mga labi niya. When his tongue touched her lips, para siyang binuhusan bigla ng malamig na tubig. Shot of reality hit her.

Ano ba iyong nangyayari sa kanya? Nakikipaghalikan siya sa lalaking hindi naman niya totally kakilala. Was she that desperate?

Nag-angat siya ng mukha, sinubukang ilayo ang sarili pero na-realize niya na nakadakot pala ang malapad na palad nito sa likuran ng ulo niya dahilan para kaunti lang ang ipaghiwalay ng kanilang distansya.

“That was good,” sabi nito, nakangiti na animo ay nagustuhan ang nangyari.

“No, it was not,” kontra ni Maureen.

“You didn’t like it? We can make it better then.” At kumilos ito para muling abutin ang mga labi niya. Nag-exert siya ng effort para iiwas ang sarili, pero humigpit ang kamay ng binata na nasa ulo niya. Humagod iyon pababa sa batok niya hanggang sa balikat kasabay ng paghapat ng isa pa nitong kamay sa baywang niya. Ngayon ay talagang nakayakap na ito sa kanya. Bilanggo na ng matitipuno nitong braso

ang katawan niyang halos nakadapa sa katawan nito.

“Please...” usal muli niya. Ang ibig niyang sabihin ay ‘please stop,’ pero ang dating kay Rafael ay ‘please, make the kiss better.’ Binihag nitong muli ang kanyang bibig, may puwersang idiniin ang mga labi sa mga labi niya at nang maramdaman niyang iginigiit nito ang dila sa pagitan ng mga iyon ay tuluyan nang napigtas ang huling strand ng reservation na mayroon siya. Ibinuka ni Maureen ang bibig at tinanggap ang paggalugad nito sa loob niyon. When his tongue touched hers, it was then that she realized Rafael was not making the kiss better. He was making it great.

Kasunod ng ilang sandaling pagtikim sa mga labi niya ay naramdaman ni Maureen na umiba ng direksyon ang bibig ng lalaki. Gumapang iyon sa kanyang pisngi papunta sa kanyang leeg. Itinuwid siya nito mula sa pasubsob na pagkakasandal niya sa dibdib nito habang inihahagod ang mga labi pababa sa balikat niya. Kinagat nito ang strap ng damit na suot niya at ibinaba iyon sa kanyang punong-braso.

Nang gumawi ang bibig ng binata sa itaas na bahagi ng dibdib niya ay napaunat siya dahil kasabay niyon, humagod din ang isang palad nito pababa sa balakang niya, hanggang sa tagiliran ng kanyang hita. Ilang ulit nitong hinaplos ang kakinisan niyon

bago gumapang paloob sa laylayan ng bestida niya ang mapangahas na kamay nito.

Napasinghap siya sa kakaibang init na gumuhit sa katawan niya nang maabot ng bibig ni Rafael ang ibabaw na bahagi ng malusog niyang dibdib. Still covered with the fabric of her dress and undies, his tongue tickled the tip of her breasts. May pagkakataon pa na ginagamit nito ang mga ngipin para hulihin iyon at napapaigtad siya sa sensasyon.

While he continued caressing her legs, kusang ibinaba ni Maureen ang strap ng damit niya hanggang sa tanging ang lace bra na lang ang tumatabing sa malusog niyang dibdib. Rafael's eyes glow when he saw it.

“Wonderful,” anito kasabay ng paghugot at pagbuga ng hininga. Itinuloy nito ang naumpisahan ng dalaga. Hinawi nito ang magkabilang strap ng bra hanggang sa tuluyan iyong dumausdos sa mga braso niya. He used his mouth to completely pulled down the covering and immediately captured one tip of her generous mountains.

Napapasinghap si Maureen dahil kasabay ng paglalaro ng labi ni Rafael sa tuktok ng dibdib niya, muli nitong pinagapang ang kamay papasok sa ilalim ng kanyang damit. She tried to close her legs

nang ma-sense niyang papunta iyon sa pagitan ng kanyang mga hita, pero nang lumapat iyon sa ibaba ng kanyang puson ay kakaibang desire ang nagtulak sa kanya para bigyan iyon ng daan.

Hindi na niya napigil ang impit na ungol nang sa wakas ay maabot ng kamay ni Rafael ang destinasyon. He cupped the mound between her legs and caressed it over and over. Gusto niyang magwala sa di-maipaliwanag na nararamdaman. Naglikot ang kamay niya at ewan kung sinasadya o hindi na nakarating iyon sa punong hita ng lalaki.

Doon siya bahagyang natigilan. Evident sa katigasang nadiinan niya roon na hindi lang siya ang grabeng naapektuhan ng ginagawa nila kundi ito rin. Nang maramdaman nito ang kamay niyang nakalapat sa harap nito ay napatigil ito sa ginagawa. Magkapanabay nilang tiningnan ang nagpipilit na kumawala mula sa kandungan nito. The hardness in his front was trying very hard to defy the fabric of his jeans.

Kinilabutan si Maureen. Iyong kilabot na hindi nagpapaatras kundi lalong nagpapaigting ng pagnanasang umiikot ngayon sa kaibuturan ng kanyang pagkatao. Habang magkaugnay ang mga mata nila ay muling kumilos ang kamay ng lalaki,

iginiya ang kamay niya papunta sa belt nito. Alam niya kung ano ang gusto nitong gawin niya, ang gusto nitong mangyari, at wala siyang makitang rason para hindi ito pagbigyan.

Sa siguradong mga galaw ay kinalas ni Maureen ang belt nito, ang butones ng pantalon at hinila pababa ang zipper. Nahirapan siya dahil na rin sa pagkaatat ng nasa loob niyon para kumawala. Lalo iyong naghumindig nang ang mas malambot na tela na lang ng mamahaling underwear ang pumipigil.

Nagdalawang-isip siya sa susunod na gagawin. Kinailangan siyang muling alalayan ni Rafael. Halos manginig ang kamay niyang iginiya nito papunta sa waistband ng briefs nito. At para bigyan siya ng higit pang lakas ng loob, muli nitong inabot ang labi niya. Mabini ang halik na iginawad nito roon sa pagkakataon na iyon. Tila mas malambing din ang paghaplos nitong muli sa dibdib niya, maingat ang sandaling paglalaro sa ituktok niyon bago pinagapang ang palad pababa sa kanyang puson.

Sinaklit nito ang nahagip na waistband ng undies, dahan-dahan iyong hinigit pababa. At dahil sa nakakabaliw na paraan nito ng paghalik, itinapon na nang tuluyan ni Maureen ang hiya. Iniangat niya ang isang binti para mahubad ang manipis niyang

underwear. Kung nasa maluwang na space lang sila nang mga sandaling iyon ay walang duda na huhubarin niya ang lahat ng suot niya nang sa ganoon ay kapwa sila maging mas malaya. Pero nasa loob sila ng isang SUV...na nakaparada sa isang parking area.

Parking area!

Tila nahimasmasang napatingin sa labas ang dalaga. Ilang metro lang ang layo sa kanila ng isa pang kotseng nakaparada. Paano kung dumating ang may-ari niyon at mapansin ang ginagawa nila?

“Don’t worry. Nobody will see us here. Let’s just make it quick,” sabi ni Rafael sa humihingal na boses.

Tinangka niyang ayusin ang sarili. Dapat siyang umalis sa lugar na iyon bago pa may makahuli sa kahalayang ginagawa nila. Pero pinigil siya ng lalaki.

“You’re not leaving me here just like this.”

Napatingin siya rito. Kitang-kita sa malalim nitong paghinga, sa matikas pa ring hinaharap nito na hindi pa humuhupa ang pagnanasang nabuhay niya sa pagkatao nito. Nang humagod ang tingin nito sa nakahantad pa ring dibdib niya ay na-realize niya na ganoon din siya. Mainit pa rin ang sensitibong bahagi ng dibdib niya, ang kaibuturan ng kanyang pagkababae.

Sinamantala iyon ni Rafael. Mabilis siya nitong kinabig at muling siniil ng halik. May dahas ang muling paghagod nito sa dibdib niya pati na rin ang paghaplos sa pagitan ng kanyang mga hita. Muli siyang napasinghap nang masaling ng daliri nito ang mas sensitibo niyang bahagi. Alam niyang gusto siyang ihiga nito sa upuan pero lumaban siya, itinulak ito, bagay na bahagya nitong ikinabigla.

Lumunok siya habang nakatingin dito. Bakit ilalagay siya nito sa mahirap at hindi komportableng posisyon kung may posisyon naman na mas masisiyahan silang pareho?

Yes, they could make it quick definitely. Bago pa may makapansin sa kanila. Uuga nang malakas ang sasakyan at magiging mas kapansin-pansin kung ang lalaki ang hahayaan niyang gumawa ng mga bagay-bagay kaya mas mabuting siya na. Pulling her dress up, she positioned herself... on top of Rafael's lap.

Natawa ang lalaki. He was overwhelmed by her feistiness. He captured her mouth again and as she slowly sat on top of him, he held his hardness to make sure it was firm enough to welcome her. The touch of her hot sleek flesh encouraged him to pull her hips down until they were fastened to each other.

Nagpalitan sila ng mainit na mga halik at haplos

habang gaya ng gustong mangyari ni Maureen ay siya ang kumikilos. She pushed and pulled her hips on top of him. They caressed each other wildly. They both groaned and gasped with each stroke and thrust. Until they could no longer contain it. Their bodies shivered as heat of explosion consumed them.

Matapos ang lahat ay kumawala si Maureen sa kandungan ng kaniig at inayos ang sarili, lahat ng kinalas ay ibinalik sa dati, saka mabilis na kumilos pababa ng kotse.

“Hey!” tangkang pigil ni Rafael.

Pero huli na dahil nakaibis na siya ng kotse. Sa labas na siya nagsuot ng sapatos. She managed to glance at her wristwatch and it's ten to one o'clock ayon doon. Ibig sabihin ay twenty five minutes siyang nakipag-ulayaw sa lalaking hindi man complete stranger ay stranger pa rin sa kanya. Twenty-five minutes siyang nagpakalunod sa mga halik at haplos nito.

God, Maureen, what did you do? usig niya sa sarili.

“Let's talk, okay? Hindi mo kailangang umalis nang gan'un na lang.” Lalabas din sana ng sasakyan si Rafael, pero napansin nito ang ilang katao na

Unforgettable 25 Minutes - Anna Chavez

palapit sa kotseng nasa malapit lang sa kanila. Besides, magulo ang suot nito, nakababa ang briefs at maging ang pantalon. Kinailangan nitong ayusin muna ang sarili at iyon ang nagbigay ng pagkakataon kay Maureen para makalayo.